Mga Kailangan sa Pagtatapos ng Mataas na Paaralang 2008

Ang mga sumusunod na pangangailangan ay dapat matupad ng mga mag-aaral upang makapagtapos sa paaralang taong 2007-08.

California High School Exit Examination (CAHSEE). Lahat ng mag-aaral sa publikong paaralan ng California ay dapat pumasa sa dalawang bahagi (pagbasa/pagsulat at matematika) upang tumanggap ng diploma

Puntos (Credits). Bawa't mag-aaral ay dapat magkamit ng 44 na semestreng puntos. Ang mga mag-aaral ay inaasahang makatupad ng Pamantayang Estado ng California sa English; matematika; agham; kasaysayan/panlipunang agham; sining sa pangmalas, pagganap, at pangkaraniwan; at palakasang aralin. Ang mga mag-aaral na kulang sa puntos/di-sapat na puntos ay hindi papayagang sumali sa pagtatapos o sa mga gawain ng magsisipagtapos.

- **English:** 8 Semestreng Puntos
  Baitang 9: Dalawang puntos; Baitang 10: Dalawang puntos; Baitang 11 at 12: Apat na puntos, kabilang ang isang puntos na binibigyang-diin ang panitikang Amerikano at tatlong puntos mula sa inihahatol na listahan sa kursong English. Hindi ipagkakaloob sa pagtatapos sa mataas na paaralan ang mga puntos sa English sa drama, pagsasalita sa publiko, o ang pamamahayag. Ang drama ay magkakaroon ng puntos para sa sining sa pangmalas at pagganap at ang pamamahayag ay mabibigyang puntos sa pangkaraniwang sining. Ang English as a Second Language (ESL) ay maaaring gamiting matupad ang walong-semestreng kailangan sa English.

- **Kasaysayan/Panlipunang Agham: (History/Social Science):** 6 Semestreng Puntos
  Baitang 9 or 10: Dalawang puntos sa kasaysayang pandaigdig at geography; Baitang 11: Dalawang puntos sa kasaysayan ng U.S. at geography o advanced alternative; Baitang 12: Isang puntos sa pamahalaan at isang puntos sa 'economics', o dalawang puntos sa "advanced alternative".

KABUUAN

Magsisipagtapos sa 2008 ay dapat:

- **Matapos ang semestreng 44 puntos:**
  - **English: 8 semestreng puntos**
  - **Mathematics: 6 semestreng puntos**
  - **PE: 4 semestrent puntos**
  - **Science: 6 semestreng puntos**
  - **Social Studies: 6 semestreng puntos**
  - **Visual, Performing or Practical Arts and World Languages: 3 semestreng puntos**
  - **Electives: 11 semestreng puntos**
- **Katunayan ng karunungan sa komputer**
- **Makapagbigay ng "senior exhibition"**
- **Ipasa ang kapuwa bahagi ng CAHSEE**
- **Manatiling mamamayang may pananagutan**

- **Agham (Science):** 6 Semestreng Puntos
  Isang taong "life science" (biology o ibang University of California [UC]-napagtibay na laboratory science kurso sa 'd' subject area), isang taon ng "physical science" (physics, chemistry, o ibang UC-napagtibay na laboratory science kurso sa 'd' subject area), at isang karagdagang taong UC-napagtibay na science coursework sa 'd' (laboratory science) *o* sa 'g' (elective) paksang aralin.

- **Matematika:** 6 Semestreng Puntos
  Kailangang ipasa ng mga mag-aaral ang anim na semestreng puntos ng matematika kabilang ang Algebra 1-2, Algebra Exploration 9th 1-2, *o* ang Interactive Mathematics Year 1*; Geometry 1-2 *o* ang Interactive Mathematics Year 2*; at isa sa mga sumusunod: Intermediate Algebra, Unifying Algebra at Geometry 1-2, *o* ang Interactive Mathematics Year 3*.
  (*Makukuha sa mga naaprobahang paaralan.)

- karagdagan -

- **Palakasang Pag-aaral: (Physical Education):** 4 Semestreng Puntos
  Ang mga mag-aaral ay dapat magpalista sa palakasang pag-aaral sa Baitang 9 at magkamit ng apat na puntos sa Baitang 9-12.

- **Visual, Performing, or Practical Arts and World Languages:** 3 Semestreng Puntos
  May dalawang pagpipilian para matupad ang pangangailangang ito:
  Pipiliing A: Dalawang semestre ng wikang banyaga (isang-taong kurso) at isang semestre ng sining sa pangmalas, pagganap at pangkaraniwan.
  Pipiliing B: Dalawang semestre ng sining sa pangmalas at/o pagganap at isang semestre ng sining na pangkaraniwan. Ang sining sa paningin at pagganap ay kabilang ang kurso sa sining, musika, at sining sa drama/tanghalan. Ang pangkaraniwang sining ay kabilang ang kurso sa pag-aaral sa pangangalakal, pag-aaral sa mga tagapamili at mag-anak, pag-aaral sa pagawaan, mga programa sa pangkabuhayan, pagtuturo sa telebesiyon, pamamahayag, at yearbook.

Pagpipilian (Electives). Ang mga karagdagang puntos na kailangan upang matupad ang kabuuang 44 na puntos ay makakamit sa pagkuha ng karagdagang kurso ng mga nasa itaas na saklaw at/o mga pagpipiliang kurso. Ang mga kursong gumagamit ng wikang iba kaysa English sa pagtuturo sa mga mag-aaral na hindi matatas sa English ay maaaring pamalit upang matupad ang mga kailangang paksang aralin.

Grade-Point Average (GPA). Ang grade-point average na 2.0 *o* higit pa sa scholarship, na binuo sa batayang A=4, B=3, C=2, D=1, F=0, ay kailangan. Ang grade-point average para sa pagtatapos ay pinagsama-samang mga kursong natapos sa baitang 9-12. (Ang mga mag-aaral ay dapat na humingi ng payo sa kanilang tagapayo sa paaralan para sa kaalaman tungkol sa grade-point averages para sa inuulit na kurso.) Para sa advanced placement (AP), ilang kurso sa International Baccalaureate (IB), at at mga kursong pagpaparangan, ang grade-point average ay nabuo sa hanay na limang puntos: A=5, B=4, C=3, D=1, F=0. Ang mga mag-aaral ay dapat kumuha ng College Board AP *o* pagsusulit na IB upang tumanggap weighted credit. Kaalaman tungkol sa mga kursong nakahanay na “weighted” sa hanay na limang puntos ay makukuha sa mga paaralan. Ang ‘2.0 grade-point average’ sa ‘four-point scale’ sa kapuwa scholarship and citizenship ay kailangan din para sa pakikilahok sa mga ‘co-curricular activities’, kabilang ang ‘interscholastic athletics’. Ang mga magulang at tagapag-alaga ay papayuhan sa nakalaang pondo buhat sa estado upang mapunan ang panustos sa bayad sa pagsusulit sa ‘advanced placement’ batay sa Section 52244 (*California Codes, Education Code, Section 48980*). Pakitawagan ang paaralan ng inyong anak sa mga maliliit na kaalaman.

Pag-aaral ng Komputer (Computer Literacy). Bawa’t mag-aaral ay dapat magpakita ng karunungan sa komputer sa pagkuha ng napagtibay na kurso o pagpasa ng pagsusulit sa distrito.

Senior Exhibition. Lahat ng mag-aaral na magsisipagtapos ay kailangang magtanghal ng Senior Exhibition bilang bahagi ng kanilang kailangan sa pagtatapos. Ang kaalaman tungkol sa eksibisiyon ay makukuha sa bawa’t paaralan.

Pagpasok (Attendance). Bawa’t mag-aaral ay dapat pumasok ng walong semstre sa Baitang 9-12 sa anim na peryod araw-araw, o katumbas nito, maliban kung ang ninanais ng mag-aaral ay nangangailangan ng kakaibang balangkas. Kapalit na balangkas ng pagpapalista ng mag-aaral ay dapat mapagtibay ng punong-guro at ng magulang/tagapag-alaga. Kung ang programa ng mag-aaral ay napalitan ng mas mababa kaysa anim na peryod sa isang araw sa taon, dapat ipagbigay-alam ng paaralan sa magulang/tagapag-alaga.

Pag-uugali (Conduct). Bawa’t mag-aaral ay dapat magkaroon ng talaan sa pagkamamamayang may pananagutan. Upang makasali sa pagtatapos, ang mga mag-aaral ay dapat na may hindi bababang ‘grade-point average’ na 2.0 sa pagkamamamayan sa huling taon ng mataas na paaralan.